

## MAY KILALA KA BANG NAGBIBIGAY NG IMMIGRATION ADVICE NA WALANG LISENSYA?

Makipag-ugnayan sa Immigration Advisers Authority. Hindi maaapektuhan ang immigration status mo kung magbibigay ka ng impormasyon. Isinusulong ng Immigration Adviser's Authority na ma-protektahan ang interes ng mga taong tumatanggap ng immigration advice.



### Pwede ka namin matulungan:

- › maghanap ng licensed immigration adviser
- › maintindihan kung paano maging licensed adviser
- › kung ang binigay sayo na immigration advice ay hindi maayos o hindi sapat.

### Hindi kami pwedeng:

- › magbigay ng immigration advice
- › magbigay ng payo o kahit na anong rekomendasyon kung sino ang inyong kukuning immigration adviser.

### Contact:

Immigration Advisers Authority  
info@iaa.govt.nz  
0508 422 422 (kung tatawag sa loob ng NZ)  
+64 9 925 3838 (kung tatawag mula sa labas NZ)  
www.iaa.govt.nz

## EXEMPT PEOPLE

Ang mga exempt people ay hindi nangangailangan ng lisensya para magbigay ng immigration advice. Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng mga exempt people:

### Mga abugado sa New Zealand

Ang mga abugado sa New Zealand ay pwedeng magbigay ng immigration advice kahit walang lisensya basta't mayroon silang current practicing certificate mula sa New Zealand Law Society. Para maghanap ng abugado pumunta sa: [www.lawsociety.org.nz](http://www.lawsociety.org.nz)



### Education agents na nasa labas ng New Zealand

Ang mga education agents na nasa labas ng New Zealand ay maaaring magbigay ng immigration advice para sa student visas kahit walang lisensya.

Kung magbibigay sila ng advice para sa iba pang klase ng visa, kailangan nila ng lisensiya.

### Immigration New Zealand

Pwede kang tulungan ng Immigration New Zealand na maghanap ng visa application forms at guides sa [www.immigration.govt.nz](http://www.immigration.govt.nz).



Para sa isang kumpletong listahan ng mga exempt people, bisitahin ang [www.iaa.govt.nz](http://www.iaa.govt.nz)

## IMMIGRATION ADVISERS AUTHORITY

## ANG IYONG GABAY TUNGKOL SA MGA NEW ZEALAND LICENSED IMMIGRATION ADVISERS

Sinumang nagbibigay ng New Zealand immigration advice sa loob o labas ng New Zealand ay kinakailangang may lisensya mula sa Immigration Advisers Authority maliban na lamang kung sila ay exempt.

TAGLISH



## KAGANDAHAN NG PAGGAMIT NG LICENSED ADVISER

Kung kailangan mo ng immigration advice, ang mga licensed advisers ay may kaalaman sa immigration. Natamo nila ang mga competency standards at sumusunod sila sa professional code of conduct.

### Ayon sa code of conduct, kinakailangan na ang mga advisers ay:

- › matapat, professional at magalang
- › nagbibigay sayo ng updates kung mayron man sa napapanahong paraan
- › maningil ng patas at makatwirang bayad.

### Ang mga licensed advisers ay pwede kang tulongan na:

- › malaman ang lahat ng klase ng visa na pwede mong pagpilian at piliin ang tamang visa para sa iyo
- › ihanda ang visa application mo
- › magsettle sa New Zealand
- › pag-aralan kung pwede kang umapila kapag na decline ang visa mo
- › pag-aralan kung ano ang pwede mong gawin kung ikaw ay nasa New Zealand at expired na ang visa mo.

### Fees and services

Iba't iba ang expertise ng mga licensed advisers kaya ang kanilang singil at klase ng serbisyo ay magkakaiba rin. Pwede kang makipag-usap sa iba't ibang advisers bago magdesisyon kung sino ang iyong pipiliin base sa iyong pangangailangan.

## LICENSED IMMIGRATION ADVISERS

### Paghahanap ng licensed adviser

Ang Immigration Advisers Authority ay mayroong listahan sa kanilang website [www.iaa.govt.nz](http://www.iaa.govt.nz) na maaari mong gamitin para:

- › makahanap ng licensed immigration adviser
- › makita ang address, telepono, at email ng adviser
- › makita ang adviser's license history.

### Alamin kung mayroon siyang wallet card

Lahat ng licensed immigration advisers ay may wallet card. Ang taong nasa larawan lamang ang maaaring magbigay ng immigration advice.

The image shows a screenshot of the Immigration Advisers Authority website. The top part displays the profile of Joe Bloggs, including his contact information (Telephone: 449 5565 7421, Mobile: 44 1530 34231, Email: joebloggs@joebloggs.com, Website: www.joebloggs.com) and his license details (License Status: CURRENT, License Type: FULL, Expiry Date: 9 June 2016, Relationship to Organisation: DIRECTOR). Below this is a table with three columns: BUSINESS ADDRESS (111 Bridge Road, Palace Way, London, United Kingdom), SERVICE ADDRESS (Same as business), and POSTAL ADDRESS (Same as business). The bottom part of the screenshot shows a wallet card for Joe Bloggs, which states: "New Zealand Licensed Immigration Adviser Joe Bloggs. HAS BEEN GRANTED A PROVISIONAL LICENCE TO OPERATE AS AN IMMIGRATION ADVISER UNDER THE IMMIGRATION ADVISERS LICENSING ACT 2007. THIS LICENCE EXPIRES ON 31 MAY 2009. LICENCE NUMBER 0000001".

Makipag-ugnayan sa Immigration Advisers Authority kung kailangan mo ng tulong sa paggamit ng online register sa pamamagitan ng pag-email sa [info@iaa.govt.nz](mailto:info@iaa.govt.nz) o pagtawag sa 0508422 422.

## MGA PANGANIB SA PAGGAMIT NG AGENT WALANG LISENSYA O HINDI EXEMPT

### Mga Panganib

Ang mga panganib sa paggamit ng mga taong walang lisensya o hindi exempt ay ang mga sumusunod:



- › Ibabalik ng Immigration New Zealand (INZ) ang iyong visa application. Ang INZ ay hindi tumatanggap ng mga applications mula sa mga agent na walang lisensya at illegal na tumutulong sa application.
- › Ang mga unlicensed na tao ay maaring hindi tapat sa iyo o sa INZ. Tandaan na ang pagsisinungaling sa iyong visa application ay isang paglabag sa batas at ang hindi pagsabi ng totoo ay maaaring makaapekto sa iyong visa at trabaho sa hinaharap.
- › Ang iyong application ay maaaring ma-decline dahil ang unlicensed na tao ay walang kaalaman o kakayahan sa immigration.

### Tandaan

Umiwas sa mga taong:

- › Tumatangging ilagay ang pangalan nila sa visa application mo
- › Sinasabing may kakilala sila sa INZ
- › Pinapipirma ka na sa visa application form na hindi pa nasagutan. Huwag kang pumirma ng kahit na anong dokumento na hindi mo lubusang naiintindihan.